



Republika ng Pilipinas  
Kagawaran ng Edukasyon  
Rehiyon III  
**SANGAY NG MGA PAARALAN NG NUEVA ECJA**  
Old Capitol Compound, Burgos Avenue, Cabanatuan City



Oktubre 9, 2015

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**  
Blg. , 161 s. 2015

**PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO SA SEKUNDARYA 2015**

Sa: Mga Punongguro/OIC ng mga Paaaralang Sekundarya

1. Bilang pakikiisa sa diwa ng Buwan ng Pagbasa at paghahanda sa Panrehiyong Paligsahan, ang Pansangay na Tagisan ng Talino sa Filipino ay gaganapin sa Bartolome Sangalang National High School, Guimba, Nueva Ecija sa Nobyembre 20, 2015.
2. Ang paligsahan ay katatampukan ng mga sumusunod:
  - a. Malikhaing Pagsulat para sa Baitang 7 at 8
  - b. *Informance* para sa Baitang 9 at 10
3. Layunin ng paligsahan na:
  - a. mabigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang konseptwal na pag-unawa sa malikhaing pagsulat at pagtatanghal ng *informance*;
  - b. maisulong ang adbokasiya sa pagpapataas ng kamalayang global sa kahalahan ng kultura.
4. Ang Pansangay na Tagisan ng Talino ay lalahukan ng mga mag-aaral na magwawagi ng una, ikalawa at ikatlong puwesto sa gaganaping Congressional District Tagisan ng Talino.
5. Ang magwawagi ng unang puwesto sa pansangay na paligsahan sa bawat kategorya ay kakatawan bilang opisyal na lahok sa Rehiyunal na Tagisan ng Talino na gaganapin sa Nobyembre 27, 2015.
6. Kalakip nito ang:
  - a. Tuntunin at Pamantayan ng Paligsahan – Kalakip Blg. 1
  - b. Komite sa Pagpapalano at Teknikal – Kalakip Blg. 2

7. Ang halagang gugugulin para sa pagkain at *honorarium* ng mga hurado, *facilitators* at mga kagamitan sa paligsahan ay manggagaling sa *Division INSET Funds*, at ang sariling probisyon sa pagkain at transportasyon ng mga dadalo ay manggagaling sa *school funds/school MOOE* na sasailalim sa tuntunin at patakaran ng pagtutuos at pagsusuri.
10. Ang patakaran sa paglahok ay dapat naayon sa '*no-disruption-of-classes policy*' na nasasaad sa DepEd Order. 9, s.2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.
11. Inaasahan ang mabilisang pamamahagi at diseminasyon ng memorandum na ito

  
**EDNA SANTOS-ZERRUDO, Ed.D., CESO V**  
Tagapamahala ng mga Paaralang Pansangay

Kalakip: gaya ng nasasaad

## Tuntunin at Pamantayan ng Paligsahan

### I. Malikhaing Pagsulat

#### A. Tuntunin

1. Ang paligsahan sa Malikhaing Pagsulat ay lalahukan ng mga mag-aaral na maaaring mula sa Baitang 7 at 8.
2. Ang tema ng susulatin ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
3. Ang paligsahan sa pagsulat ay tatagal lamang ng dalawang oras.

#### B. Pamantayan

Pupuntusan ang bawat kalahok batay sa sumusunod na pamantayan:

- |  |       |
|--|-------|
| 1. Orihinalidad  | 40%   |
| 2. Organisasyon  | 35%   |
| - kasasalaminan ng kultura                                       |       |
| - may kawili-wiling panimula, gitna at wakas                     |       |
| - may kakaiba at malikhaing estilo ng pagsulat                   |       |
| - may kaangkupan sa tema, edad at interes ng target na mambabasa |       |
| 3. Mekaniks  | 25%   |
| Gumamit ng wastong:  |       |
| - Bantas   |       |
| - angko na salita  |       |
| - tayutay  |       |
| - pahiwatig  |       |
| - simbolismo   |       |
| - iba pang elemento ng isang malikhaing akda                     |       |
|  | <hr/> |
|  | 100%  |

### II. *Informance*

Ang *Informance* ay pagbibigay ng inpormasyon o kabatiran sa pamamagitan ng pagtatanghal.

#### A. Panuntunan

1. Ang paligsahan sa *Informance* ay lalahukan ng pangkat ng mag-aaral na binubuo ng apat (4) miyembro mula sa mga Baitang 9 at 10.
2. Ang piyesa ay inaasahang nagsusulong ng adbokasiya tungkol sa pagpapataas ng global na kamalayan sa kahalagahan ng kultura.
3. Ang pagtatanghal ay sa paraang musikal.
4. Ang pagtatanghal ay dapat tumagal lamang ng 15-20 minuto. Ang kakulangan at labis na minuto ay nangangahulugan ng kaukulang bawas na puntos ng kalahok.

**B. Pamantayan**

Pupuntusan ang bawat kalahok batay sa sumusunod na pamantayan:

1. Iskrip	40%
- Orihinalidad	
- Angkop sa tema	
- Makatotohanan	
- Taglay ang mga elemento ng iskrip	
2. Pagtatanghal	60%
- Kasuotan at kagamitan	
- Kilos o galaw ng mga tauhan	
- Tinig/musikalidad	
- Kasiningan/pagkamalikhain ng pagtatanghal	
- Dating sa manonood	
- Walang tagpuan	
	<hr/>
	100%

**Pangkalahatang Tuntunin**

1. Ang Pansangay na Tagisan ng Talino ay lalahukan ng mga mag-aaral na magwawagi ng tatlong pangunahing puwesto sa gaganaping Congressional District Tagisan ng Talino.
2. Pipilin/Kikilalanin ng Lupon ng Hurado ang tatlong (3) pangkat na magwawagi gamit ang *point system*.
3. Tutuusin din ang panalo ng bawat paaralan upang matukoy ang tatlong (3) paaralan na gagawaran ng pagkilala bilang *Over-all-Champion, First at Second Runner-Up*.
4. Ang desisyon ng Lupon ng Hurado ay pinal at di maipaghahabol.